

# Chapter One



“Tapos nabigla na lang si *Ebisu* kasi marunong na pala ng *Rasengan* si *Konohamaru*. Hindi niya alam itinuro na pala 'yun ni *Naruto*.” Tapos, alam mo ba, Mama?”

Nangingiti lang si Faith sa blow-by-blow account ni Nate sa paborito nitong anime. Tinakpan niya ang katatapos lamang na gawin na dough bago humarap sa anak. “No. Ano’ng sumunod na nangyari?”

Mataman siyang nakikinig habang pinagmamasdan ito. Para sa edad na anim, mataas na bata si Nate. Sa hinuha niya ay nakuha nito ang height sa ama dahil hindi katangkaran ang kanilang pamilya. Ngunit mula sa prominenteng light brown eyes, matangos na ilong at slim na pangangatawan, lahat ay nakuha ng anak sa Benitez side ng kanyang pamilya lalo na at malakas ang Spanish blood ng ama niya.

“Tapos hinihiram ni Aaron 'yung forehead protector ko, pero s’abi ko hindi puwede kasi gift mo sa akin 'yun. Di ba, Mama?”

Sanay na siya sa palipat-lipat ng topic ni Nate kung kaya hindi nahirapan si Faith na sundan ang tanong nito. “Oo naman. Ask him when his birthday is at reregaluhan ko siya.”

“Okay. Pero 'wag *Konoha*, Ma, ha? Bigyan mo siya n’ung katulad kay *Gaara*.” Itinuloy nito ang pagkain nang makitang tumango ang ina.

Sinanay niya ang sarili na alamin ang mga gusto at hindi gusto ng kanyang anak. Sa nakalipas na taon, naging favorite nito ang anime na *Naruto* kung kaya naman sinusundan na rin niya ang series sa punto na memorized na niya ang lahat ng characters.

Dahil abala sa pagmemerienda si Nate, ibinalik ni Faith ang atensyon sa ginagawang cake. Malaki ang pinupunan niyang order, ngunit hindi niya maaaring madaliin ang proseso lalo na at specific ang design ng kliyente. Hindi birong hirap at tiyaga ang ginugol niya sa nakalipas na apat na taon para lamang makilala ang kanyang bake shop, kaya naman sinisiguro niya ang satisfaction ng kanyang mga customers.

Nabaling muli ang kanyang atensyon nang magsalita ang anak niya. “Ma, I’m finished already. P’wede maglaro muna sa labas?” Hindi kaagad tumayo si Nate, hinihintay muna ang sagot ng ina.

“Okay.” Itinaas niya ang kamay nang aktong tatakbo na ito. “Wait! One hour lang, Nate. May homework ka pa.”

Ngumiti ito nang pagkatamis-tamis. “Plus thirty minutes? Please?”

Alam nito ang kanyang kahinaan. “Fine. ’Wag kang lalayo.”

Si Nate ay mabilis na yumakap at humalik sa ina. “Yes. Thanks, Mama.” Pagkasabi niyon ay kaagad na itong nakatakbo sa pinto.

Sumilip sa bintana ang dalaga. Sa labas ng gate, naghihintay na si Aaron at ang iba pang kaibigan ng kanyang anak. Panatag ang loob na muli siyang bumalik

sa kusina.

*I'm lucky, naisip niya. I have a wonderful son. At kahit wala itong kinagisnang ama, lumaking mabait at masayahing bata si Nate. Ni minsan ay hindi siya nito binigyan ng dahilan para pagsisihan ang kanyang desisyon at ang anak ang nagsilbing motivation niya sa buhay.*

Seventeen lang si Faith nang maging ina siya ni Nate. Noon pa man, mas pinaboran na ng kanyang mga magulang si Charity, ang nakababata niyang kapatid kaya nang nagpakita siya sa mga ito dala ang sanggol, expected na niyang hindi sila welcome sa bahay. Ganoonpaman, isang malaking sugat sa kanyang puso ang ganap na pag-aabandona ng pamilya niya sa kanilang mag-ina.

Malinaw pa sa kanyang isip ang sinabi ng kanyang mama, *"Yan ang choice mo, kaya panindigan mo. 'Wag kang umasa sa amin."*

Hindi man derechong sinabi, malinaw na ikinahihiya siya ng kanyang pamilya. Noong mga panahon na iyon, iisang tao lamang ang kumupkop sa kanila, si Nanay Monica, ang tiyahin ng kanyang papa. Mula noong bata pa si Faith, malapit na sila sa isa't isa. Hindi kasi ito nag-asawa at nase-sense din nito marahil ang kalungkutan niya sa sariling tahanan. At nang kinailangan niya ang tulong, hindi siya nito itinaboy.

Kahit inalok siya na ipagpatuloy ang kolehiyo, tumanggi si Faith. Hindi niya choice ang pre-Law at matatagalan bago niya ito matapos. Sa halip, kumuha siya ng course sa isang bagay na noon pa man ay

pangarap na niya, ang maging isang pastry chef. Dalawang taon siyang nag-aral at nag-train at kasama pa ang pag-aaruga kay Nate at sa kanyang lola.

Katatapos lang ng kanyang twentieth birthday nang atakehin sa puso si Nanay Monica. Nagtatrabaho na siya noon sa isang catering company at kahit masasabing kaya na niyang buhayin silang mag-ina, malaking bagay pa rin ang may natitirhan silang libre at ang napakalaking emotional support ng matanda sa kanila. Ngunit kahit pumanaw ito, sila pa rin ng anak ang inisip ni Nanay Monica.

Malaking eksena ang naganap nang malaman ng mga magulang ni Faith na sa kanya iniwan ang bahay at ari-arian ng kanyang lola. Ngunit malinaw ang habilin ng huli at kahit nakarinig pa siya ng masasakit na salita partikular mula sa kanyang ina, hindi siya nagpatinag. Mula noon ay hindi na siya muli pang kinausap ng kanyang pamilya.

Kahit nasasaktan, inisip na lamang ni Faith kung sino ang pinakaimportante at iyon ay si Nate. May mga pangarap siyang nais maabot at para masiguro ang kinabukasan ng anak, ginamit niya sa negosyo ang mga naiwan ng abuela.

Ang una niyang ginawa ay ang palakihin at i-modernize ang kusina sa bahay. Nag-invest siya sa industrial-grade ovens at mga modernong kagamitan sa baking. Magti-three pa lang noon si Nate at ayaw niya itong ipaubaya sa iba kung kaya naman nag-set up muna siya ng online business kung saan nag-offer siya ng baked goods at made-to-order cakes. Inabot din ng isang taon

bago siya nakakita ng tubo and by then, word-of-mouth na ang nakapag-expand ng kanyang negosyo.

*Sweet Nate.* Akmang-akma ang pangalan ng kanyang bake shop dahil ang anak niya ang rason ng kanyang buhay. Ang negosyong nagsimula sa Internet ay lumago at sa loob ng apat na taon, nagkaroon na rin siya ng sariling store. Kahit maraming nagsasabi na gawin niya itong franchise, hindi siya handa. May ambisyon pa rin siya, pero walang mawawala kung hindi siya magmamadali.

Naputol ang kanyang pagbabalik-alaala nang mag-ring ang phone niya. Si Jana, ang kanyang store manager, ang nasa kabilang linya.

“Tumawag si Hans. Nagmamadali siya kaya nag-iwan na lang ng message.”

Si Hans ay purchasing director ng isang restaurant chain at malapit niyang kaibigan. “Ano ang s’abi niya?”

“Ire-renew daw ang supply contract natin. He wanted to tell you in person, pero may appointment pa daw siya.”

Napatalon siya sa saya. “Talaga?”

“Yup. I guess matutuloy na kayo ni Nate sa Hongkong *Disneyland*. Matutuwa ang bata.”

“For sure. Thanks, Jana. Malaking bulk ng sales natin ang kontratang ito. I’ll call Hans myself.”

“Okay. May binanggit siya na celebratory dinner. At kasama pa si Nate. That’s nice.”

“Hans likes Nate, and the feeling is mutual.”

“I think Hans likes Faith more.”

Alam ng dalaga ang nais sabihin nito, pero nagpatay-malisyas na lamang siya. “Nandito lang ako sa bahay all day. Pero ako na ang bahala sa closing. Okay naman ang

lahat?”

“Yeah. May mga bagong orders pero walang rush. We’re okay.”

“Good. I’ll see you later.” Nang ibinaba na ni Faith ang phone, saglit siyang napag-isip. Hindi lingid sa kanya ang nararamdaman ni Hans para sa kanya. Alam din niya na tinitimbang nito kung ipupursige ba siya o mananatili na lamang silang magkaibigan. Sa kanyang parte, mas pipiliin niya ang *status quo* nila ngayon. Sinuri na niya ang kanyang puso at wala siyang romantic feelings para sa kaibigan.

Kung tutuusin, wala siyang nakikitang mali kay Hans. Bukod sa responsible, genuine ang pagmamahal nito kay Nate. Ang totoo, siya ang may problemang maituturing. Puwede niyang gawing excuse ang anak pero kung magiging honest siya, hindi pa niya natatagpuan ang lalaking nanaisin niyang makasama habambuhay.

*No, that’s wrong.* Sandaling sumagi sa kanyang isip ang imahe ng taong minsan ay kanyang pinangarap. Pero mabilis niyang iwinaksi iyon sa kanyang isip. Once upon a time, may lalaki siyang inasahan nang husto pero sa huli ay tinalikuran din siya. Hindi na siya muli pang aasa sa iba.



Kasama ang anak niya ay nag-drive si Faith papunta sa kanyang store. Malapit sa *Alabang Town Center* ang lokasyon kung kaya naman marami palagi ang customers.

Sinalubong siya ng guard. “Magandang gabi, Miss Benitez.” Ngumiti ito sa bata. “At kasama pala ang ninja namin.”

“Hello, Mang Caloy. Thank you sa *pog* na *Naruto*.”

“Sus, wala ’yun! Alam kong paborito mo ’yun.”

GINULO ni Faith ang buhok ng kanyang anak bago humarap sa matanda. “Natanggap n’yo ba ang cake? Birthday ng misis ninyo bukas.”

“Yes, Ma’am. Marami pong salamat, nag-abala pa kayo.”

Umiling lang siya. “Pakibati na lang po kami ni Nate.”

Nagpapasalamat ang tingin nito. “Makakarating. Pasok na po kayo, Miss Benitez. Hihintayin ko kayong makapagsara.”

Tumango lang siya bago hinawakan ang anak at naglakad sila papasok sa bake shop. Natagpuan niyang abala si Jana sa mga customers, kaya sumenyas na lamang siya bago tumuloy sa opisina.

“Ma, puwede doon ako sa kitchen? Titingnan ko lang kung nandoon si JERIC.” Anak ito ng baker niya.

“Okay. ’Wag kang lalabas.” Sa sumunod na oras, naging abala si Faith sa routine checks at sales tally. Eight o’clock ang kanilang closing time, pero inaabot siya ng isang oras bago nakapagsara. Nang kumatok si Jana para sabihing closed na sila, nagligpit na rin siya. Itatanong niya sana kung nasaan si Nate nang mag-ring ang phone.

Sinenyasan niya ang store manager na mauna na itong umuwi bago niya sinagot ang tawag. Hindi siya kaagad nakapagsalita nang mabosesan ang tumatawag.

“Faith? Ikaw ba ’yan?” anang caller, si Mrs. Sonia Benitez.

Huminga siya nang malalim. “Yes, Mama.”

“Oh, good. Alam mo bang inalam ko pa sa operator

ang number ng bakery mo? Hindi mo man lang ipinaalam sa amin ang contact number mo.”

*If you cared, madaling ipagtanong.* Pero hindi niya isinatinig ang naisip. “Matagal na panahon na, Mama. May problema ba?”

“Bakit ba napaka-negative mo? Can’t I just talk to my daughter nang walang dahilan?”

Naningkit ang mga mata niya. *My daughter?* Hindi pa man, masama na ang kanyang kutob. “How’s Papa? And Charrie?”

“They’re good.”

Naghintay siya magsalita pa ang ginang, ngunit wala na itong sinabi pa. “Kung kukumustahin mo si Nate, okay naman siya.” Hindi maitago ang galit sa kanyang boses.

“Hindi ’yun ang itinawag ko.”

Kahit expected, isang suntok sa panga pa rin angtrato nito sa kanyang anak. “Please make this quick. May pasok pa si Nate bukas.”

Nakabibingi ang katahimikan sa kabilang linya. Alam niyang nagpipigil ng galit ang kanyang ina. “Wala ka pa ring pagbabago, Faith. Fine. Kailangan mong pumunta sa bahay on Friday. Isama mo ang bata.”

“Why?”

“Charrie just got engaged. Gustong makilala ni Stephen ang buong pamilya.”

Napataas ang kilay ng dalaga sa narinig mula sa kausap. “I’m surprised. Sinabi ninyo na may kapatid pa si Charrie?”

“Don’t be sarcastic,” tugon ni Mrs. Benitez. “May simpleng dinner party on Sunday, pero ang buong



weekend ay para sa pamilya. Be here on Friday.”

“Mama, you can’t call me out of the blue and then make demands on my time. May negosyo akong pinatatakbo and there is Nate. Hindi niya kayo kilala and yet you expect my son to spend three days with strangers.” Humugot siya ng malalim na hininga bago nagpatuloy, “Kung talagang kailangan, pupunta kami on Sunday para sa dinner.”

“That won’t do. You need to do this for your sister. Sinira mo ang buhay mo, but don’t destroy Charrie’s.”

Gustong maiyak ni Faith. Ilang taon na hindi siya kinakausap ng pamilya, pero pulos paninisi pa rin ang kanyang naririnig. “Hindi ko maintindihan kung bakit sobra kayong mapilit. And before you start on me again, *kayo* ang humihingi ng pabor. My son and I don’t have to go.”

Saglit na natahimik ang kanyang ina at sa mababang boses ay muling nagsalita, “Stephen is very family-oriented. Nagtataka siya kung bakit hindi ka niya nakikita and when he found out about the boy, he wanted to meet you both. He’s a doctor, Faith. Mula sa isang magandang pamilya. Ibigay mo kay Charrie ang bagay na itinapon mo.”

“Wala akong itinapon, Mama. But fine, I’ll do this for Charrie on one condition. His name is Nate. Don’t ever call him ‘the boy’ o ‘ang bata’. For better or for worse, apo ninyo ang anak ko.” Hindi na hinintay ni Faith ang isasagot ng ginang. Tahimik na lamang niyang ibinaba ang telepono.